

Tagalog / Filipino: What is the Gospel?

Ano ang Mabuting Balita?

Nakakatuwang makitang nagbigay ka ng oras upang maunawaan ang mensahe ng Bibliya. Maaring maingat ka sa sasamahang relihiyon. Pagpunta sa simbahan, pagsasagawa ng mga ritwal, pagsunod sa mga tradisyon. At kami nama'y pawang sumasang-ayon sa iyo. Tinuturo sa Bibliya na ang Diyos ay nananahan sa puso ng mga kalalakihan at mga kababaihan na nakikinig sa Kanyang mga salita. Ang tanging mga seremonyang dapat nating sinusunod ay iyong malinaw na ipinapaliwanag mismo sa Bibliya – at mayroong ilan ng mga iyon sa Bibliya. Pagbabautisismo sa pamamagitan ng paglublob sa tubig at ang paghahati-hati ng tinapay kada linggo sa pag-aala kay Hesus ang dalawang pangunahing mga seremonya.

O maaari ring ikaw ay ordinaryong tao lamang na nais ang Diyos sa iyong buhay, subalit ayaw nang lumalim pa rito. Ngayon maaring totoo ito sa marami sa ating nagbabasa ng mga babasahing panrelihiyon, pumupunta sa mga lektyur tungkol sa Bibliya, o sumasali sa mga talakayan patungkol rito. Napakahusay na naniniwala tayo na ang Diyos ay sadya; sapagkat siguradong nandiriyang Siya. Subalit napakarami pang maaring madiskubre – sa pamamagitan ng pag-aaral sa Kanyang salita, ang Bibliya, maari natin Siyang makilala at magkaroon ng bahagi sa Kanyang planong pangwalang-hanggan. Ang aklat na iyon ay isinulat ng Kanyang Ispiritong umimpluwensiya sa mga taong sumulat nito – hindi lamang mga salita ng mga tao ito, na kagaya ng ibang libro. Ito ang dahilan kung bakit napakahalagang aralin nito.

O maari rin namang sa tingin mo ay alam mo na lahat. Natunghayan mo na ang Bibliya, alam mo na ito. Pero kung ikaw ay magiging tapat na tapat, alam mong mayroong kulang. Andiriyang pa rin yung hungkag na pakiramdam, yung takot sa hinaharap, yung kawalan ng kasiguruhan sa ating huling patutunguhan...ang dudang iyon na parang itim na asong sumusunod sa maraming kalalakiha't kababaihan hanggang sa kanilang libingan. At sa iyo, ito ang masasabi namin: Bigyan mo ito ng isa pang

pagkakataon. Maaring pinalabo ng mga interpretasyon ng tao ang iyong pag-unawa sa Bibliya. Bumalik ka sa mismong teksto ng Bibliya.

O maaring nakikita mo ang Kristiyanismo bilang “isa lamang intelektwal na pakikipagsapalaran”, isang bagong pinagkakaabalahan na kinagigiliwan pansamantala, isang bagong pinagkakatuwaan, isang bagong bayang dinaraan sa daan – na pare-pareho pa ring hahantong sa libingan. Napakaikli ng buhay para magkaroon ng ganitong mapagdudang saloobin. Isang araw ilalatag ka sa iyong libingan, isang araw ang kakila-kilabot na pinalidad ng pagkamatay ay lalapit patungo sa iyo. Bigyan mo ng sapat na pag-usisa ang Bibliya ngayon. Pakiusap, para sa iyong mismong kabutihan, bigyan mo ng ilang minuto ng iyong buhay upang isaalang-alang ang sinasabi nito.

Kaya naman, maari ko bang masagot ang tanong, ***Ano ang Mabuting Balita?***

Pakibuksan ang Bagong Tipan sa Mateo 1:1. Ito ang simula ng paliwanag ni Mateo hinggil sa Mabuting Balita. Binasa natin:

Ang aklat ng kasaysayan ni Jesu-Kristo, na anak ni David, na anak ni Abraham.

Parang hindi ganito ang ating inaasahan. Aniya si Hesus ay inapo mula sa linya nina David at Abraham. At ito, para kay Mateo, ang simula ng Mabuting Balita. Ganito rin ito nakita ni Paul. Tunghayan mo ang Galacia 3:8:

Ang Kasulatan nga, yamang nakikita nang patiuna na ipahahayag na matuwid ng Diyos ang mga tao ng mga bansa dahil sa pananampalataya, ay patiunang nagpahayag ng mabuting balita kay Abraham, samakatuwid nga: “Sa pamamagitan mo ay pagpapalain ang lahat ng bansa.”

Kung kaya’t ang Mabuting Balita ay ang ipinangako kay Abraham. Iyon ang sinasabi ni Paul. Kung kaya’t kung mauunawaan natin kung ano ang ipinangako ng Diyos kay Abraham, mauunawaan natin kung ano ang Mabuting Balita. Kaya balikan natin ang Lumang Tipan, at tingnan kung

ano ang sinabi ng Diyos kay Abraham. Tunghayan natin ang Genesis, ang unang aklat ng Bibliya, Genesis 17:8.

At ibibigay ko sa iyo at sa iyong binhi na kasunod mo ang lupain na iyong pinanirahan bilang dayuhan, ang buong lupain nga ng Canaan, bilang pag-aari hanggang sa panahong walang takda; at ako ay magiging Diyos nila.

Kung kaya't sinabihan si Abraham na siya at ang kanyang mga anak ay mabubuhay nang walang hanggan dito sa lupa. Kung kaya't ang buhay na magpawalang-hanggan ay isang ideyang lumitaw sa Lumang Tipan. Pansinin na – dahil ang pinaka-esensyal na mensahe ng Bibliya ay pareho mula sa umpisa hanggang sa dulo. Paanong nangyari ito? Tingnan sa Genesis 22: 17,18:

Tiyak na pagpapalain kita at tiyak na pararamihin ko ang iyong binhi tulad ng mga bituin sa langit at tulad ng mga butil ng buhangin na nasa baybay-dagat; at aariin ng iyong binhi ang pintuang- daan ng kaniyang mga kaaway. At sa pamamagitan ng iyong binhi ay tiyak na pagpapalain ng lahat ng bansa sa lupa ang kanilang sarili dahil pinakinggan mo ang aking tinig.

Si Abraham ay magkakaroon ng anak na lalaki na siyang puno't dulo ng mga pagpapala sa buong mundo. Ngayon ang paraan upang maunawaan ang Bibliya ay tingnan kung paanong inuulit nito ang sarili at binibigyan tayo nito ng interpretasyon. Ngayon ang mga salitang itong kababasa lamang natin ay binanggit sa Bagong Tipan – sa Gawa 3:25, 26. Tunghayan natin iyon at alamin ang interpretasyon.

Kayo ang mga anak ng mga propeta at ng tipan na ipinakilapagan ng Diyos sa inyong mga ninuno, na sinasabi kay Abraham, At sa iyong binhi ay pagpapa- lain ang lahat ng mga pamilya sa lupa. Sa inyo muna siya isinugo ng Diyos, pagkatapos niyang maibangon ang kaniyang Lingkod, upang pagpalain kayo sa pamamagitan ng pagtatalikod sa bawat isa mula sa inyong mga balakyot na gawa.

Kung kaya't sino ang binhi ni Abraham? Si Hesus. At ano ang mga pagpapalang ibibigay niya sa mga kalalakihan at kababaihan sa buong

mundo? Ang pagpapala ng pagpapatawad sa mga kasalanan at ang pagkaligtas. Suriin pa natin ito. Sa Galacia 3:16.

Ngayon ang mga pangako ay sinalita kay Abraham at sa kaniyang binhi. Hindi nito sinasabi: "At sa mga binhi," gaya ng sa marami, kundi gaya ng sa iisa: "At sa iyong binhi," na si Kristo.

Kung kaya't ang binhi ni Abraham ay iisang tao, iisa, si Jesus. Subalit paanong ang nag-iisang taong iyon ay pagkarami-rami, sindami ng mga bituwin sa langit? Basahin natin ang Galacia 3:27-29.

Sapagkat kayong lahat na nabautismuhan kay Kristo ay ibinihis na si Kristo. Walang Judio ni Griego man, walang alipin nitaong laya man, walang lalaki ni babae man; sapagkat kayong lahat ay iisang tao na kaisa ni Kristo Jesus. Bukod diyan, kung kayo ay kay Kristo, kayo ay talaga ngang binhi ni Abraham, mga tagapagmana ayon sa isang pangako.

Kung kaya't sila lamang na nabautismuhan sa ngalan ni Hesus ang kabilang sa mga pangakong ito – ang pangako ng buhay na walang hanggan dito sa lupa. Ito ang dahilan kung bakit kailangan tayong mabautismuhan upang maligtas! Sinabi ni Paul na ang pag-asang ito ang "pag-asa ng Israel" (Gawa 28:20). Sa kanyang pagharap sa kamatayan, ito ang kanyang minimithi – ang pag-asa ng Israel. Ano ang pagbautismo – kung magkagayon? Hindi ito pagwisik ng tubig. Ang Bagong Tipan ay nakasulat sa Griyego, at ang salitang 'baptism' ay nangangahulugan ng paglublob sa tubig. Ginamit ito tungkol sa lumulubog na barko, paglubog sa tubig, o isang piraso ng telang kinukuluyan mula sa isang kulay tungo sa isa sa pamamagitan ng paglublob. Tunghayan ang Mateo 3: 13-16.

Nang magkagayon ay dumating si Jesus mula sa Galilea patungo kay Juan sa Jordan, upang magpabautismo sa kaniya. Ngunit tinangka siyang pigilan nitong huling nabanggit, na sinasabi: "Ako ang nangangailangang mabautismuhan mo, at ikaw pa ba ang pumaparito sa akin?" Bilang tugon ay sinabi ni Jesus sa kaniya: "Hayaan mo na, sa pagkakataong ito, sapagkat ganito ang nararapat sa atin upang maisakatuparan ang lahat ng matuwid." Nang magkagayon ay huminto siya sa pagpigil sa kaniya. Pagkatapos na mabautismuhan ay kaagad na umahon si Jesus mula sa tubig; at, narito! ang langit ay nabuksan, at nakita niyang bumababa na tulad ng isang kalapati ang espiritu ng Diyos na lumala- pag sa kaniya.

“Lumublob” si Jesus sa ilalim ng tubig at “umahon” mula rito. Binautismuhan Siya nang Siya ay nasa hustong gulang, hindi bilang isang sanggol; sa pamamagitan ng paglublob, hindi pagwiwisik ng tubig. Kaya naman ito ay ginawa sa ilog. At kung Siya ay binautismuhan, dapat tayo rin. Ang paglublob at pag-ahon na ito ay sumisimbulo sa pagkamatay at muling pagkabuhay ni Hesus, at na nagdesisyon tayong gawing atin ang Kanyang pagkamatay at muling pagkabuhay. Kaya naman kailangang ito ay sa pamamagitan ng paglublob sa tubig, sa halip na pagwiwisik ng tubig. Tunghayan sa Roma 6:3-5.

O hindi ba ninyo alam na tayong lahat na binautismuhan kay Kristo Jesus ay binautismuhan sa kaniyang kamatayan? Samakatuwid inilibing tayong kasama niya sa pamama-gitan ng ating bautismo sa kaniyang kamatayan, upang, kung paanong si Kristo ay ibinangon mula sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, tayo ay lumakad nang gayundin sa isang panibagong buhay. Sapagkat kung tayo ay naging kaisa niya sa wangis ng kaniyang kamatayan, tiyak na tayo ay magiging kaisa rin niya sa wangis ng kaniyang pagkabuhay-muli;

Ito ang dahilan kaya hinihikayat namin kayong mabautismuhan – gawin mo itong layon sa buhay, ang tanggapin si Hesukristo. Sa pamamagitan ng pagbabautismo kay Hesus, tayo ay nagiging bahagi Niya, at kung magkagayo’y magiging totoo sa atin ang Kanyang mga pangako. Kaya naman, kapag bumalik Siya, muli tayong mabubuhay, huhusgahan, at pagkatapos, kung nabuhay tayo nang tapat sa salita ng Diyos, bibigyan tayo ng buhay na magpawalang-hanggan na mayroon na Siya ngayon. Pagkatapos, mabubuhay tayo sa Kaharian ng Diyos dito sa lupa. Kung naniniwala ka dito, mayroong bagong kahulugan ang buhay. Kung ano mang materyal na mga suliraning mayroon tayo, mapapagtanto natin na ang mga ito ay panandalian lamang, at na kapag bumalik si Kristo bibigyan Niya tayo ng bago at walang-hanggang buhay. Ito ang dahilan kung kaya’t may totoong PAG-ASA sa Bibliya at kay Kristo. Ang pag-asa sa hinaharap ay napakaganda na ang ating kasalukuyang mga suliranin ay parang wala lang.

Subalit paanong nagkagayon, na ang taong itong si Hesus ay maililigtas tayo? Siya ang ating kinatawan, kung kaya’t kailangan nating

mabautismuhan sa Kanyang Pagkamatay at muling pagkabuhay; dahil Siya ay kagaya rin natin. Tunghayan sa Heb. 2:14-18:

Samakatuwid, yamang ang “mumunting mga anak” ay mga kabahagi sa dugo at laman, siya rin sa katulad na paraan ay nakibahagi sa gayunding mga bagay, upang sa pamamagitan ng kaniyang kamatayan ay mapawi niya ang isa na may kakayahang magpangyari ng kamatayan, samakatuwid nga, ang Diyablo; at upang mapalaya niya ang lahat niyaong mga dahil sa takot sa kamatayan ay napasailalim sa pagkaalipin sa buong buhay nila. Sapagkat hindi naman talaga mga anghel ang tinutulungan niya, kundi ang binhi ni Abraham ang tinutulungan niya. Dahil dito ay kinailangan siyang maging tulad ng kaniyang “mga kapatid” sa lahat ng bagay, upang siya ay maging isang mataas na saserdote na maawain at tapat sa mga bagay na may kinalaman sa Diyos, upang maghandog ng pampalubag-loob na hain para sa mga kasalanan ng mga tao. Sapagkat yamang siya mismo ay nagdusa nang inilalagay sa pagsubok, magagawa niyang saklolohan yaong mga nalalagay sa pagsubok.

Pansinin na ang diablo ay hindi animal o dragon. Ginamit itong personipikasyon ng kasalanan. “Sapagkat ang kabayaran na ibinabayad ng kasalanan ay kamatayan” (Romans 6:23), subalit dito binasa natin na ang “diablo” “ay may kapangyarihan ng kamatayan”. Kailangan nating lampasan ang ating sariling kalikasan bilang tao, hindi labanan ang isang di nakikitang nilalang sa labas ng ating mga sarili. Sinasabi sa Berso 14 ang parehong ideya nang makailang-ulit – Siya, Siya mismo, gaya natin, ay mayroong kalikasang gaya natin. Subalit, tinuturo sa maraming grupong “Kristiyano” na mayroong tatlong Diyos sa trinidad, at na isa sa mga iyon ay si Hesus. Subalit hindi ito ang sinasabi sa Bibliya. At sang-ayon sa Hebreo, napakahalagang maisatumpak natin ang ating pagkilala kay Hesus. Natukso rin Siyang gaya natin. At paano tayo natukso? Sa pamamagitan ng ating kalikasan bilang tao. Tunghayan ang Santiago 1: 13-15:

Kapag nasa ilalim ng pag- subok, huwag sabihin ng sinuman: “Ako ay sinusubok ng Diyos.” Sapagkat sa masasamang bagay ay hindi masusubok ang Diyos ni sinusubok man niya ang sinuman. Kundi ang bawat isa ay nasusubok kapag nahihila at naaakit ng sarili niyang

pagnanasa. Pagkatapos ang pagnanasa, kapag naglihi na ito, ay nagsisilang ng kasalanan; ang kasalanan naman, kapag naisagawa na ito, ay nagluluwal ng kamatayan.

Ibig sabihin nito si Hesus ay may kapareho nating kalikasan bilang tao. Hindi matutukso ang isang Diyos, sang-ayon rito, subalit natukso si Hesus, sabi sa Hebreo. Kaya naman si Hesus ay hindi ang Diyos mismo. Siya ay tao, Anak ng Diyos sa pagkasilang, inapo mula sa linya nina David at Abraham sa pamamagitan ni Maria. Gayundin, hindi maaring isilang ang Diyos; subalit si Hesus ay isinilang. Ang Diyos ay hindi maaring mamatay; subalit namatay si Hesus. Hindi natin maaring makita ang Diyos; subalit nakita at nahawakan ng tao si Hesus. Hindi rin nabuhay si Hesus bago Siya isinilang. Anak Siya ng Diyos sa pamamagitan ni Maria. Tunghayan sa Lucas 1:31-35:

At, narito! ikaw ay maglilihi sa iyong bahay-bata at magsisilang ng isang anak na lalaki, at tatawagin mong Jesus ang pangalan nito. Ang isang ito ay magiging dakila at tatawaging Anak ng Kataas-taasan; at ibibigay sa kaniya ng Diyos na Jehova ang trono ni David na kaniyang ama, at siya ay mamamahala bilang hari sa sambahayan ni Jacob magpakailanman, at hindi magkakaroon ng wakas ang kaniyang kaharian.” Ngunit sinabi ni Maria sa anghel: “Paano ito mangyayari, yamang wala akong pakikipagtalik sa lalaki?” Bilang sagot ay sinabi ng anghel sa kaniya: “Ang banal na espiritu ay darating sa iyo, at ang kapangyarihan ng Kataas-taasan ay lililim sa iyo. Sa dahilan ding iyan kung kaya ang ipanganganak ay tatawaging banal, Anak ng Diyos.

Pansinin ang mga panahunang panghinaharap! Siya ay magiging Anak ng Diyos, ipagbubuntis siya ni Maria sa kanyang bahay-bata – dito nagsimula si Hesus, subalit ang ideya, ang *logos* ni Hesus, ay andiyan na sa Diyos mula pa sa umpisa. Pansinin na si Maria ay isa lamang ordinaryong babae. Si Hesus ay inapo mula sa linya nina Abraham at David, at nangyari lamang ito dahil ang kanyang ina ay inapo ng mga ito. Kung si Hesus ay Diyos, kung magkagayon, si Maria ay ang ina ng Diyos, at na siya ay hindi ordinaryong babae. Kung kagaya ng sinasabi ng Bibliya na si Hesus ang Anak ng Diyos at na gayundin ay “anak ng tao”, ang inapo nina Abraham at David sa pamamagitan ni Maria, malinaw na si Maria ay isang

ordinaryong babae. Kung kaya't ito ay tumpak na totoo o hindi – isang sistema ng totoong paniniwala, o isang sistema ng maling paniniwala. Mahalagang maniwala sa tama, dahil naapektuhan ng doktrina kung paano tayong nabubuhay. Tunghayan ang Hebreo 4:15-16:

Sapagkat taglay natin bilang mataas na saserdote, hindi ang isa na hindi magawang makiramay sa ating mga kahinaan, kundi ang isa na sinubok sa lahat ng bagay tulad natin, ngunit walang kasalanan. Samakatuwid, lumapit tayo nang may kalayaan sa pagsasalita sa trono ng di-sana-nararapat na kabaitan, upang makapagtamo tayo ng awa at makasumpong ng di- sana-nararapat na kabaitan bilang tulong sa tamang panahon.

Dahil ang kalikasan ni Hesus ay kapareho ng sa atin, kaya naman maaari tayong manalangin nang may kumpiyansa sa pamamagitan niya sa Diyos. Hindi natin kailangan ng isang paring tao, ng gusali ng simbahan o ng pastor para maging katanggap-tanggap ang ating mga panalangin.

Kung kaya't maari ko kayang ibuod ang ating mga napag-usapan tungkol sa kung paanong sagutin ang tanong na – Ano ang Mabuting Balita?:

1. Mayroong isa lamang Diyos, hindi 'trinidad'

2. Si Hesus ay Anak ng Diyos, hindi ang Diyos mismo; Hindi Siya naririyang bago pa Siya isilang. Gaya natin Siya ay natukso at may mga karanasan ng tao, subalit hindi Siya nagkasala. Binigay Niya ang Kanyang buhay sa pamamagitan ng isang masaklap na pagkamatay, subalit, dahil hindi Siya nagkasala, muli Siyang binuhay ng Diyos sa gitna ng mga patay.

3. Sa pamamagitan ng pagbautismo sa ngalan ni Kristo sa pamamagitan ng paglublob sa tubig sa hustong gulang, nakikibahagi tayo sa Kanyang pagkamatay at muling pagkabuhay.

4. Kaya naman kapag bumalik si Hesukristo muli tayong mabubuhay, hahatulan at bibigyan ng walang hanggang buhay sa Kanyang Kaharian – na naririto sa lupa. Ang Kahariang ito ay kagaya kung paano ang mundo noon sa hardin ng Eden, nang unang nilikha ng Diyos ang tao – at higit pa. Lahat ng mga suliraning mayroon ngayon sa mundo – giyera,

pagkagutom, pagkalungkot, at maging kamatayan mismo, sa wakas ay matatapos na – hanggang sa walang hanggan.

5. Pagkamatay natin, wala tayong malay – ang “impyerno” ay nangangahulugan lamang ng “libingan.”

6. Ang kaluluwa ay hindi imortal; nilikha tayo mula sa alabok, at babalik tayo sa alabok. Ang ispirito ay ang kapangyarihan ng buhay na nasa sa atin, na kukuhaing muli ng Diyos kapag tayo ay namatay. Hindi tayo patuloy na nabubuhay sa anyong may malay sa ating pagkamatay.

7. Si ‘satan’ ay simbolo ng mga masasamang inaasam ng tao na nasa sa atin, na dapat nating paglabanan; hindi ito pangalan ng dragon o ng halimaw na naririyon. Isandaang poryento ang kapangyarihan ng Diyos; hindi Niya kabahagi si ‘satan’ sa kapangyarihang ito. Lahat ng ating mga suliranin ay mula sa Diyos, hindi kay satanas, kaya naman may positibong ispiritwal na mga kadahilan sa mga iyon.

8. Sa pamamagitan ng ating mismong pagbabasa sa Bibliya mauunawaan natin ang totoong daan patungo sa Diyos.

Hinihikayat kita na pag-aralan ang mga ito, at na wag tumigil hangga’t hindi malinaw sa iyo ang sagot sa tanong na: Ano ang Mabuting Balita? Umaasa ako na pag-aaralan mo ang libreng kurso sa pag-aaral ng Bibliya; at layunin mong mabautismuhan ka isang araw, sa pamamagitan ng paglublob sa tubig. Kung magkagayon, siguradong magkakaroon ka ng pag-asa sa pagkakaroon ng buhay na walang hanggan. OK hindi natin maisip kung paano nga ba ang buhay na walang hanggan. Suhestiyon ko lamang na isipin natin ang isang pagkahaba-habang linya, na walang katapusan, na humahantong sa malayong distansiya; at na andito tayo sa buhay na ito sa ilang milimetrong simula nito. Ito talaga ang ating pag-asa, kung tayo ay mababautismuhan kay Hesus at mabubuhay sa Kanya. Nakikiusap ako sa iyo, na seryosohin ang mga ito, at na hindi tratuhin ito na isa lamang relihiyon, na isang ordinaryong bagay lamang.

Duncan Heaster

MATUTONG BASAHIN ANG BIBLIYA NANG TAMA LIBRE LAMANG

libre lamang ang Bibliya subalit napakaraming mga simbahan. Kailangan nating malaman: Ano ba ng Mabuting Balita? Minumungkahi namin na kailangang ikaw mismo, basahin mo ang Bibliya nang maunawaan mo ang totoong mensahe nito. Naniniwala kami na mayroong isang Diyos lamang, na si Hesus ay Anak ng Diyos, na kagaya natin ang Kanyang kalikasan at na dapat tayong mabautismuhan sa pamamagitan ng paglublob ng makinabang tayo sa Kanyang pagkamatay at muling pagkabuhay. Sa lalong madaling panahon, babalik Siya upang itayo ang Kaharian ng Diyos dito sa lupa (hindi sa langit). Pakikumpleto ng *application form* (sa ibaba) upang makatanggap ng libreng babasahin na makakatulong sa iyong pag-aaral ng Bibliya.

Pangalan:

Lugar Tirahan:

Tel:

Wika:

Ipadala sa:

Bible Basics 49 Woodfields, South Croydon, Surrey CR3 0HJ ENGLAND

Email: info@carelinks.net

www.carelinks.net